

Mga Madalas na Katanungan

Paano kung hindi pa ako handang umuwi?

Makikipagtulungan kami sa inyo at sa inyong pamilya / mga kaibigan upang suportahan kayo sa inyong mga pangangailangan.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa tahanan?

Kung nahihirapan kayo sa tahanan, makikipagtulungan kami sa inyo upang humanap ng solusyon. Maaring kailangan naming i-refer kayo sa support services sa komunidad na tinatawag na 'Home Health'.

Gaano katagal ang aking magiging outpatient rehabilitation?

Mahirap sabihin kung mangangailangan kayo ng outpatient rehabilitation o hindi paglabas ninyo sa ospital. Kung kailangan ninyo ito, ang inyong outpatient therapist ay makikipagtulungan sa inyo upang magpasiya kung gaano magtatagal ang inyong rehab batay sa inyong mga layunin.

Kailangan ko ba magbayad para sa aking rehabilitation sessions?

Hindi – basta covered pa rin kayo ng BC Medical Services Plan, ang inyong inpatient at outpatient rehabilitation ay libre.

Maglalaan ba ang Fraser Health ng transportasyon para sa akin?

Kayo ang mag-aasikaso sa pagpunta at pag-uwi mula sa outpatient clinic sa araw ng inyong appointment.

Sasabihin namin sa inyo kung kailan ang mga petsa ng inyong appointment ilang linggo bago sila mangyari. Sa gayon ay mas madali ninyong maaasikaso ang inyong sakay kasama ng isang tao.

Kung walang taong makakapagdala sa inyo sa rehab, mayroon kaming maimumungkahing ibang mga opsyon tulad ng HandyDART services o ibang mga uri ng transportasyon.

Mangyaring sabihin sa amin kung magiging problema ang transportasyon para sa inyo.

Kung mayroon pa kayong ibang mga katanungan, mangyaring kausapin ang inyong therapist o ang Patient Care Coordinator.

www.fraserhealth.ca

Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa inyo ng inyong health care provider.

Catalogue #266443 (March 2020) Filipino
To order: patienteduc.fraserhealth.ca

Filipino

Tungkol sa Aking Petsa ng Discharge About My Discharge Date

Impormasyon para sa mga Pasyenteng Nagka-Stroke Information for Stroke Patients

Programang Rehabilitation
Rehabilitation Program



 **fraserhealth** Better health.
Best in health care.

Kayo ay nasa aming rehabilitation (rehab) unit dahil kayo ay nagka-stroke.

Ano ang aking Inaasahang Petsa ng Discharge?

Ito ang petsa kung kailan inaasahan ng inyong rehab team na maaring makauwi na kayo sa inyong tahanan. Ito ang aming tinatawag na inyong inaasahang petsa ng discharge.

Ang inyong inaasahang petsa ng discharge ay batay sa kung ano ang nalalaman tungkol sa recovery ng ibang mga tao na nagkaroon ng katulad na stroke.

Isusulat namin ang inyong inaasahang petsa ng discharge sa white board na nasa inyong kuwarto.

Pagpapasiyahan namin ang inyong inaasahang petsa ng discharge sa loob ng 1 linggo ng araw na na-admit kayo sa aming unit.

Ang inyong inaasahang petsa ng discharge ay maaring magbago batay sa kung ano pa ang malalaman namin tungkol sa inyo.



Tungkol sa Aking Petsa ng Discharge About My Discharge Date

Paano ba ako makapaghahanda?

Kausapin ang inyong rehab team sa simula ng inyong stay sa ospital tungkol sa mga makatwirang maaasahang layunin para sa discharge.


Simulang asikasuhin ang equipment at mga suporta para sa inyong tahanan sa lalong madaling panahon. Masasabi ng inyong mga therapist kung ano ang mga maaring kailanganin ninyo.

Kailan kokompirmahin ang aking Petsa ng Discharge?

Oras na mas mabuti naming nauunawaan ang inyong kinakailangang rehab, bibigyan namin kayo ng isang komfirmadong petsa ng discharge.

Papalitan namin ang inyong inaasahang petsa ng discharge at sa halip nito ay ilalagay namin ang inyong komfirmadong petsa ng discharge sa white board na nasa inyong kuwarto.

UNDERSTANDING MY STAY			
Today's Date:	My Nurse Is:	My Preferred Name:	Message or Questions from me or my Family
My Doctor Today:	Limits/Special Instructions:		
My Goal or Plan for Today:			
I am Going Home on:			

 Fraser Health
www.fraserhealth.com

Isang halimbawa ng white board

Makakauwi ba ako nang mas maaga kaysa sa aking inaasahang petsa ng discharge?

Maaring makakauwi kayo nang maaga kung:

- Mayroon kayong sapat na suporta sa tahanan.
- Makakalabas-pasok kayo sa inyong tahanan nang ligtas.



Pagkauwi ninyo, patuloy kayong magre-rehab sa aming outpatient rehabilitation nang makamit ninyo ang inyong mga layunin sa rehab.

Ang mga taong umuuwi nang maaga ay madalas na nagre-recover nang mas mabilis, at pareho o mas mahusay pa ang kanilang mga resulta sa rehab.

tingnan ang likod ng pahina... over...